Australian Government
Department of Health, Disability and Ageing



# Mga rehistradong tagasuporta sa pangangalaga sa matatanda

Impormasyong makatutulong sa iyong magdesisyon kung ang pagkakaroon ng rehistradong tagasuporta ay angkop para sa iyo.

## Ang tungkulin ng rehistradong tagasuporta

Lahat ay may karapatang makapagdesisyon tungkol sa kanilang buhay.

May mga nakatatandang maaaring gusto o kailangan ng suporta upang makagawa ng sarili nilang mga desisyon tungkol sa kanilang pangangalaga. Kung nais mo, maaari kang pumili ng taong pinagkakatiwalaan mo upang tulungan kang makapagdesisyon at maipahayag ang mga desisyong ito. Ang mga taong ito ay tinatawag na mga 'registered supporters [rehistradong mga tagasuporta]'.

Kasama sa bagong Aged Care Act [Batas sa Pangangalaga sa Nakatatanda] ang papel ng rehistradong tagasuporta. Layunin nitong itaguyod ang iyong mga karapatang magpasya at tulungan kang manatiling may kontrol sa iyong buhay. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa papel ng mga rehistradong tagasuporta, bisitahin ang www.myagedcare.gov.au/registering-supporter

## Sino ang maaaring maging rehistradong tagasuporta

Ang isang rehistradong tagasuporta ay maaaring sinuman na iyong pinagkakatiwalaan, tulad ng isang malapit na kaibigan o kapamilya. Maaari kang magkaroon ng higit sa isang rehistradong tagasuporta.

Hindi lahat ng nakatatanda ay nais magkaroon o kailangan ng isang rehistradong tagasuporta. Hindi ka dapat makaramdam ng pamimilit na magparehistro ng tagasuporta. Ang ibang mga mahahalagang tao sa iyong buhay ay maaaring patuloy na tulungan ka, kahit hindi sila magiging rehistradong tagasuporta.

### Ano ang ginagawa ng rehistradong tagasuporta

Ang mga rehistradong tagasuporta ay makatutulong sa iyong gumawa ng mga desisyon ukol sa iyong pangangalaga, at ipahayag ang mga ito. Maaaring kabilang dito ang:

- pagsuporta sa iyong mga desisyon tungkol sa pang-araw-araw na pangangalaga, at
- pagtulong sa iyong magkaroon ng access, makaunawa at makapagpahayag ng impormasyon sa iba, tulad ng My Aged Care, mga tagasuri at mga tagapagbigay ng pangangalaga sa nakatatanda.

**Ang pagkakaroon ng isang rehistradong tagasuporta ay hindi makahahadlang sa iyo upang makatanggap ng impormasyon, makagawa ng mga desisyon, o makipag-ugnayan nang direkta sa iba, kabilang ang iyong tagapagbigay ng pangangalaga, My Aged Care at mga tagasuri. Maaari ka pa ring patuloy na humingi, tumanggap at magpahayag ng impormasyon at gumawa ng mga desisyon.**

## Mga patakaran para sa mga rehistradong tagasuporta

May mga tungkulin ang mga rehistradong tagasuporta sa ilalim ng Aged Care Act na kailangan nilang sundin. Nakatutulong ang mga tungkuling ito upang maitaguyod ang iyong kaligtasan, mga karapatan, pansariling kalooban, at mga kagustuhan.

Ang pagiging rehistradong tagasuporta ay hindi nagbibigay sa isang tao ng kapangyarihang gumawa ng mga desisyon para sa iyo. Bilang isang rehistradong tagasuporta, kailangan nilang igalang ang iyong sariling mga pasya, kahit hindi sila sumasang-ayon sa mga ito.

## Paano magparehistro ng tagasuporta

Maaari kang humiling na ang isang taong pinagkakatiwalaan mo ang iyong magiging rehistradong tagasuporta:

- sa pamamagitan ng pagkontak sa My Aged Care
- habang ikaw ay sumasailalim sa proseso ng assessment, pati kung kasama ang isang tagasuri ng aged care
- harapang pakikipag-usap sa isang Aged Care Specialist Officer [Espesyalista sa Pangagalaga sa Matatanda] sa pamamagitan ng Services Australia
- sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagsumite ng registration form
- sa iyong My Aged Care Online Account, kung mayroon ka nito.

Ang taong gusto mong maging tagasuporta ay maaari ding humiling nito.

## Pagtatapos ng isang relasyon sa tagapagsuporta

Maaari mong hilinging tapusin ang relasyon sa isang rehistradong tagasuporta anumang oras sa pamamagitan ng pagkontak sa My Aged Care. Maaari mo ring ipaalam sa My Aged Care kung mayroon kang problema o reklamo tungkol sa iyong rehistradong tagasuporta.

Magbasa nang higit pa sa www.myagedcare.gov.au/registering-supporter

**Mga itinalagang tagapagpasya**

Sa ilalim ng isang kasunduan ng Commonwealth, estado o teritoryo:

- maaari mong piliing bigyan ang isang taong kilala at pinagkakatiwalaan mo, o isang espesyalistang organisasyon, ng kapangyarihang gumawa ng mga desisyon para sa iyo
- kung wala kang itinalagang gagawa ng mga desisyon para sa iyo at nawalan ka ng kakayahang magdesisyon para sa sarili mo, may ibang taong maaaring italaga para sa iyo.

Iba-iba ang mga batas at pangalang ginagamit sa mga kasunduang ito sa iba't ibang bahagi ng Australia. Sa My Aged Care, ang mga taong ito ay kilala bilang **appointed decision makers [itinalagang mga tagapagpasya]**. Maaari lamang silang magdesisyon para sa iyo kung saklaw ng aktibo at legal na kapangyarihang ibinigay sa kanila. Maaaring ang isang taong itinalagang tagapagpasya ay magsilbi ring rehistradong tagasuporta. Bisitahin ang www.myagedcare.gov.au/registering-supporter/appointed-decision-makers

Mangyaring tandaan na ang My Aged Care ay walang kapangyarihang magtalaga ng sinuman upang gumawa ng mga desisyon para sa iyo. Hindi rin nito maaaring baguhin o alisin ang mga kapangyarihan ng isang itinalagang tagapagpasya.

# Iba pang mga suporta

## Care Finder

Ang mga Care finders [Tagahanap ng serbisyong pangangalaga] ay libre para sa mga mas nangangailangang matatanda, na kailangan ng ekstrang tulong para maka-access ng mga serbisyo sa aged care. Bisitahin ang www.MyAgedCare.gov.au/help-care-finder

## OPAN

Para sa libre, kumpidensyal, at independiyenteng impormasyon at suporta, maaari kang tumawag sa Older Persons Advocacy Network (OPAN) Aged Care Advocacy Line [Numero ng Pagtataguyod para sa Pangangalaga ng Nakatatanda] – 1800 700 600 o bumisita sa www.opan.org.au

**Pagpapabuti ng Sistema ng Pangangalaga sa mga Nakatatanda ng Australia**

Pinatupad ng Pamahalaan ng Australia ang mga mahahalagang pagbabago upang mapabuti ang pangangalaga sa nakatatanda.

Bisitahin ang **health.gov.au/aged-care-reforms**

Tumawag sa **1800 200 422** (ang libreng pagtawag sa numero ng My Aged Care, Lunes-Biyernes 8am-8pm, Sabado 10am-2pm)

Para sa mga serbisyo ng pagsasalin, tumawag sa 131 450 at hilingin ang 1800 318 209.
Upang gamitin ang National Relay Service, bisitahin ang nrschat.nrscall.gov.au/nrs para piliin ang iyong gustong access point sa kanilang website, o tawagan ang NRS Helpdesk sa 1800 555 660.